# Ginagawa mo ba ang Kalooban ng Diyos Yugto 5

"1Kaya't sa paghihiwalay ng lahat na kasamaan, at lahat ng pagdaraya, at pagpapaimbabaw, at mga pananaghili, at ng lahat ng panglalait, 2Gaya ng mga sanggol na bagong panganak ay nasain ninyo ang gatas na walang daya na ukol sa espiritu, upang sa pamamagitan nito'y magsilago kayo sa ikaliligtas; 3Kung inyong napagkilala na ang Panginoon ay mapagbiyaya:4Na kayo'y magsilapit sa kaniya, na isang batong buhay, na sa katotohana'y itinakuwil ng mga tao, datapuwa't sa Dios ay hirang, mahalaga, 5Kayo rin naman, na gaya ng mga batong buhay, ay natatayong bahay na ukol sa espiritu, upang maging pagkasaserdoteng banal, upang maghandog ng mga hain na ukol sa espiritu, na nangakalulugod sa Dios sa pamamagitan ni Jesucristo. 6Sapagka't ito ang nilalaman ng kasulatan, Narito, aking inilalagay sa Sion ang isang batong panulok na pangulo, hirang mahalaga: At ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi mapapahiya.7Sa inyo ngang nangananampalataya, siya'y mahalaga: datapuwa't sa hindi nangananampalataya, Ang batong itinakuwil ng nagsisipagtayo ng bahay Siyang naging pangulo sa panulok;8At, Batong katitisuran, at bato na pangbuwal; Sapagka't sila ay natitisod sa salita, palibhasa'y mga suwail: na dito rin naman sila itinalaga,9Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan: 10Na nang nakaraang panahon ay hindi bayan, datapuwa't ngayo'y bayan ng Dios: na hindi nagsipagkamit ng awa, datapuwa't ngayo'y nagsipagkamit ng awa.11Mga minamahal, ipinamamanhik ko sa inyong tulad sa mga nangingibang bayan at nagsisipaglakbay, na kayo'y magsipagpigil sa mga masamang pita ng laman, na nakikipaglaban sa kaluluwa; 12Na kayo'y mangagkaroon ng timtimang ugali sa gitna ng mga Gentil; upang, sa mga bagay na ipinagsasalita nila laban sa inyong tulad sa nagsisigawa ng masama, dahil sa inyong mabubuting gawa na kanilang nakikita, ay purihin nila ang Dios sa araw ng pagdalaw.13Kayo'y pasakop sa bawa't palatuntunan ng tao alangalang sa Panginoon: maging sa hari, na kataastaasan; 14O sa mga gobernador, na sinugo niya sa panghihiganti sa nagsisigawa ng masama at sa kapurihan ng nagsisigawa ng mabuti. 15Sapagka't siyang kalooban ng Dios, na dahil sa paggawa ng mabuti ay inyong mapatahimik ang kamangmangan ng mga taong palalo: 16Na gaya nang kayo'y mga laya, at ang inyong kalayaan ay hindi ginagamit na balabal ng kasamaan, kundi gaya ng mga alipin ng Dios. 17Igalang ninyo ang lahat ng mga tao. Ibigin ninyo ang pagkakapatiran. Mangatakot kayo sa Dios. Igalang ninyo ang hari.18Mga alila, kayo'y magsisuko na may buong takot sa inyong mga panginoon; hindi lamang sa mabubuti at mahihinahon, kundi naman sa mababagsik. 19Sapagka't ito'y kalugodlugod, kung dahil sa budhing ukol sa Dios ay magtiis ang sinoman ng mga kalumbayan, na magbata ng di matuwid. 20Sapagka't anong kapurihan nga, kung kayo'y nangagkakasala, at kayo'y tinatampal ay inyong tanggapin na may pagtitiis? nguni't kung kayo'y gumagawa ng mabuti, at kayo'y nagbabata, ay inyong tanggapin na may pagtitiis, ito'y kalugodlugod sa Dios.21Sapagka't sa ganitong bagay kayo'y tinawag: sapagka't si Cristo man ay nagbata dahil sa inyo, na kayo'y iniwanan ng halimbawa, upang kayo'y mangagsisunod sa mga hakbang niya: 22Na siya'y hindi nagkasala, o kinasumpungan man ng daya ang kaniyang bibig: 23Na, nang siya'y alipustain, ay hindi gumanti ng pagalipusta; nang siya'y magbata, ay hindi nagbala; kundi ipinagkatiwala ang kaniyang sarili doon sa humahatol ng matuwid: 24Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran; na dahil sa kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo. 25Sapagka't kayo'y gaya ng mga tupang nangaliligaw; datapuwa't ngayon ay nangabalik kayo sa Pastor at Obispo ng inyong mga kaluluwa." (1 Pedro 2:1-25) Binanggit iyon ni Pedro na naayon sa kalooban ng Diyos sa atin ay hinihiling na maging mabuti sa paggawa ng tiyak na mga bagay sa ating buhay upang sa ganoon ay maging maayos ang ating pakikipagusap at maging epektibong sa sanglibutan. Samakatuwid simulan natin basahin at pagnilayan mula sa pasimula ng kabanatang ito.

"1 Kaya't sa paghihiwalay ng lahat na kasamaan, at lahat ng pagdaraya, at pagpapaimbabaw, at mga pananaghili, at ng lahat ng panglalait," (1 Pedro 2:1) Nais ng Diyos na ihiwalay at alisin ang sumusunod ng masasamang bagay na mayroong negatibong mga bagay sa ating buhay.

Kasamaan: masamang kalooban, isang pag nanais na makasakit, pagkahilig patungo sa kasamaan.
Pagdaraya: katusuhan at panlilinlang
Pagpapaimbabaw: kagaya ng manlalaro sa entablado na nagtatago sa bulaang anyo
Lahat ng panglalait: Lahat ng hindi mabuting usapan, kasinungalingan, paninirang-puri at paratang.

Lahat ng masasamang bagay na natutunan natin mula sa sanglibutan ay kailangang aminin ang kabuuang nito at kailangan nating itapon.

"2 Gaya ng mga sanggol na bagong panganak ay nasain ninyo ang gatas na walang daya na ukol sa espiritu, upang sa pamamagitan nito'y magsilago kayo sa ikaliligtas" (1 Peter 2:2) Kailangan nating simulang pakainin ang ating sarili ng Salita ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ay magpapaunlad sa atin sa kabanalan at makaDiyos na buhay. Ang Salita ng Diyos ay magpapalago sa atin sa tamang direksyon na nais ng Diyos sa atin na maging. Bilang isang bagong panganak, sila'y madalas na sumususo sa kanilang ina, at kung ang ina ay wala sila'y magsisimulang umiyak. Tayo din ay kailangang magpatuloy na magbasa ng Bibliya upang lumago sa espirituwal nang may malinis na gatas na magpapalakas sa atin, hindi na kakapitan ng masamang gawa at handa sa paggawa ng mabuting gawain ng Diyos.

"3 Kung inyong napagkilala na ang Panginoon ay mapagbiyaya:" (1 Pedro 2:3) Dapat tayong maging mas masigasig na magpatuloy sa paraang ito ng buhay upang tanggapin ang ganoong bagong estilo ng pamumuhay sapagka't ating nang nalasap na ang Panginoon ay mabuti at Siya ay gumawa ng dakilang mga himala sa atin. Ang higit na biyaya na ating natanggap mula sa Diyos sa gayon lalo tayong maengganyong sumulong na mabuhay sa kabanalan at pagkamaka Diyos tinatalikdan ang lahat ng masasamang gawain.

"4 Na kayo'y magsilapit sa kaniya, na isang batong buhay, na sa katotohana'y itinakuwil ng mga tao, datapuwa't sa Dios ay hirang, mahalaga," (1 Pedro 2:4) Bilang ang Diyos ay mapagbiyaya sa gayon kailangan nating mapalapit sa kanya. Tinawag dito ni Pedro ang Panginoon na isang buhay na bato sapagkat sinimulan niya dito na gamitin ang talinghaga ng bahay na inihambing ito sa simbahan.

Bilang ang mga bato ay ginagamit sa pagpapatayo ng isang bahay, upang ang tao, ang isang buhay na bato ay gamitin upang itayo ang simbahan ng Diyos. Sa gayong paraan si Pedro ay ang unang tinawag ni Cristo upang maging isang bato na itinayo ni Cristo ng Kanyang simbahan, "18At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya." (Mateo 16:18)

"4 Na kayo'y magsilapit sa kaniya, na isang batong buhay, na sa katotohana'y itinakuwil ng mga tao, datapuwa't sa Dios ay hirang, mahalaga," (1 Pedro 2:4) Si Cristo ay hindi pinayagan at tinanggihan sa sanglibutang ito. Ngunit Siya ay hinirang at mahalaga sa Diyos. Sa parehong paraan kapag tayo'y lumapit sa Diyos sa pamamagitan ni JesuCristo na ating Panginoon tayo din ay malalantad sa pagtanggi, paghihiwalay, at sa paguusig, at kailangan nating batahin ang lahat ng iyon upang para sa atin ay makagawa ng mabuti.

"5 Kayo rin naman, na gaya ng mga batong buhay, ay na tayong bahay na ukol sa espiritu, upang maging pagkasaserdoteng banal, upang maghandog ng mga hain na ukol sa espiritu, na nangakalulugod sa Dios sa pamamagitan ni Jesucristo." (1 Pedro 2:5) Ipinahayag dito ni Pedro na tayo na nanampalataya at lumalapit kay Cristo, tayo ay mga batong buhay, at ang mga batong ito kapag sila'y nagsama sama ay magtatayo sila ng espirituwal na bahay, at iyon ang simbahan ng Diyos. Ipinahayag ni apostol Pedro na bawat buhay na bato ay isang banal na seserdote na iniatas ng Diyos upang ihandog ang kanilang buhay para maglingkod sa Panginoon sa pangunguna sa iba at sa kanilang mga pamilya at dalhin sila kay Cristo.

"6 Sapagka't ito ang nilalaman ng kasulatan, Narito, aking inilalagay sa Sion ang isang batong panulok na pangulo, hirang mahalaga: At ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi mapapahiya." (1 Pedro 2:6) Sa pagsisimula ng isang gusali kadalasan pagkatapos nilang maghukay ng pundasyon sisimulan nilang ilatag ang mga bato. Ang unang bato ay ang isang batong panulok na ang ibang mga bato ay darating at ilalagay sa ibabaw nito at sa paligid nito. Ang batong panulok na ito ay may espesyal na hugis at ang mga paglitaw niyon na ang kasunod na mga bato ay kailangang maiayos upang magkasay ang sarilia sa punong panulok na bato. "Na mga itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok;" (Epeso 2:20) Si Cristo ay inihalal bilang pangulong bato sa panulok sa pagtatayo ng Kanyang Simbahan, at Siya ay mahalaga sapagka't kung wala Siya walang nasimulan o natapos. Tayo samakatuwid bilang espirituwal na bato ating mauunawaan mula ganyang pagkakaayos na kailangan nating mabago at gawin ang ating sarili na karapat dapat at matulad sa huwaran na ibinigay sa atin ni Kristo upang sundin upang maging karapat dapat kay Cristo na ating pangulong batong panulok. Si Cristo ay may mabuting plano para sa isa at bawat isa sa atin at kailangan nating magtiwala sa pagkakaayos na iyon, na mayroon si Cristo sa bawa't isa sa atin nalalaman na habang tayo ay sumusunod sa Kanyang plano para sa atin at kautusan sa atin sa gayon hindi tayo mapapahiya.

Sa pagpapatayo ng templo ng Diyos sa Jerusalem, ang mga bato na kanilang ginamit sa pagtatayo ng templo ay inihanda sa isang hiwalay na lugar at dinala upang handa ng ilagay sa templo ng Diyos gaya ng ating babasahin, "At ang bahay, nang ginagawa, ay ginawa na mga bato na inihanda sa tibagan ng bato: at wala kahit pamukpok o palakol man, o anomang kasangkapang bakal na narinig sa bahay, samantalang itinatayo." (1 Hari 6:7) Kaya sa huling lugar ng pagtatayo walang ingay na maririnig sa paglalagay ng mga batao o sa pagsasaayos ng mga ito. Ngunit sa lugar ng paghahanda kanilang hinati at tinibag ng walang ginagamit na palakol o mga pamukpok na mahubog na angkop ayon sa ibinigay na disenyo. Ang kapareho sa atin ngayon, sa sanglibutang ito, tayo ang lugar ng paghahanda, ang Panginoon ang naghahanda sa atin , pinangungunahan tayo ng Banal na Espiritu at ginagamit tayo, ang simbahan ang nagtuturo sa atin, at nagtutuwid sa atin. Maaring mayroon tayong pakikibaka, pagpapayo, pagsaway at kahit dinisiplina. Ang ating tinig ay maaring tumaas, at ang hindi pagkakaunawaan ay maaaring makagambala sa ating kapayapaan sa isang tiyak na panahon. Ngunit tiyak na tayo ay hinubog, binago at sumulong mula sa kaluwalhatian sa kaluwalhatian, puspos ng Banal na Espiritu, naghihintay para sa katubusan ng ating mga katawan na kapag si Cristo ay dumating dadalhin tayo sa langit na sasalubungin ang Panginoon sa alapaap. Ang simbahan ngayon ay ang lugar ng paghahanda inihahanda ang mga anak ng Diyos para sa Kanyang pagdating, na inihanda bago dalhin doon, sa banal na Jerusalem na ibaba mula sa langit inihanda para sa atin gaya ng ating babasahin, "10 Huwag mong katakutan ang mga bagay na iyong malapit ng tiisin: narito, malapit ng ilagay ng diablo ang ilan sa inyo sa bilangguan, upang kayo'y masubok; at magkakaroon kayo ng kapighatiang sangpung araw. Magtapat ka hanggang sa kamatayan, at bibigyan kita ng putong ng buhay. 11Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay ay hindi parurusahan ng ikalawang kamatayan." (Pahayag 2:10-11)

"7 Sa inyo ngang nangananampalataya, siya'y mahalaga: datapuwa't sa hindi nangananampalataya, Ang batong itinakuwil ng nagsisipagtayo ng bahay Siyang naging pangulo sa panulok;" (1 Pedro 2:7) Habang ang lahat ng espirituwal na katotohanang ito ay maliwanag sa atin sa gayon si Cristo, at ng Kanyang Salita at kautusan ay mahalaga. Siya ay kailangang kailangan at hindi natin magagawa ng wala Siya. Siya ay mahalaga sa atin at kung wala Siya tayo ay nasa kaguluhan at walang kaayusan. Datapuwa't sa hindi nangananampalataya, Ang batong itinakuwil ng nagsisipagtayo ng bahay Siyang naging pangulo sa panulok. Sa mga sumusuway sa Diyos at tinanggihan Siya, at sinusubukan na lumayo sa pamumuhay sa Kanyang kalooban, para sa kanila si Cristo ay ginawang pangulo ng panulok. Kahit na hindi nila Siya gusto sila'y tatalima sa Kanya sa dahas.

"8 At, Batong katitisuran, at bato na pangbuwal; Sapagka't sila ay natitisod sa salita, palibhasa'y mga suwail: na dito rin naman sila itinalaga, " (1 Peter 2:8) Sa mga sumusuway kay Cristo mapapasa kanila ang isang masakit na karanasan at isang bato ng pagbuwal at sila'y susunod sa Kanyang kautusan at sa Salita hindi sa pagnanais kundi sa dahas. Kaya naman makikita mo sa simbahan may mga taong maayos na sumunod sa kautusan at tumalima Salita ni Cristo. At ang ibang mga tao'y makikita mo silang matibay at hindi handang isuko ang kanilang katayuan at pagsunod sa Salita ng Diyos. Sila'y natitisod at nabubuwal, umuurong pabalik, sa pagkasuwail kay Cristo; makikita mo sila ng iyong mga mata datapuwa't malayo sila sa Diyos at sa Kanyang mga pagpapala dahil sa kanilang pagsuway.

"9Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan: "

(1 Pedro 2:9) Si Apostol Pablo ay may kumpinyansa sa kasapi ng simbahan ng Diyos na kanyang sinulat. Sa mga bumasa at sumunod sa Salita ng Diyos na ipinadala sa kanila sila'y nabago. Datapuwa't kayo'y isang lahing hinirag; Ang Diyos ay may layunin sa paghirang sa atin, iyon ay sa pagsunod sa Kanya tayo'y magiging isang makaharing seserdote, banal sa pamumuhay, at mangunahan sa iba na mabuhay sa kabanalan na maging at maging bahagi ng isang bansang banal. Si Cristo gaya ng paghirang Niya sa atin at tinanggap natin Siya at naging mahalaga sa atin sa gayon tayo ay bayang pag-aari, at hindi karaniwan sa ating mga katangian at mga kakayahan: kundi sa mga tao ng sanglibutang ito, tayo ay kakaiba, dayuhan, at hindi normal. Ngunit ito ang kinakailangan upang maihayag at ipahayag sa gayo'y ating maipahayag Siya, ating maipahayag ang Kanyang ginawa sa atin sa mga pagpapapuri, sa tuwa at pagsamba, ang isa na tumawag sa atin mula sa kadiliman hanggang sa Kanyang kagigilalas na kaliwanagan. * Hindi tayo natatakot sa sasabihin ng mga tao sa atin pagkatapos nating lumapit kay Cristo, at sa kanilang opinyon sa atin sapagkat nalalaman natin kung saan tayo nagmula at nalalaman kung saan tayo dadalhin ni Cristo.

"10 Na nang nakaraang panahon ay hindi bayan, datapuwa't ngayo'y bayan ng Dios: na hindi nagsipagkamit ng awa, datapuwa't ngayo'y nagsipagkamit ng awa." (1 Pedro 2:10) Bago sa pagsama kay Cristo at ilagay sa Kanyang simbahan tayo ay hindi bayan. Ang ating buhay ay walang kahulugan at walang pag asa. Ngunit ngayon tayo ay mayroong pag asa at nakikita nating malinaw ang hinaharap at ang inihanda ng Diyos para sa atin. Sa paglapit kay Cristo ang ating mga kasalanan ay pinatawad at ipinakita sa atin ang habag at binigyan tayo ng pagkakataon upang maranasan ang bagong buhay.

"11Mga minamahal, ipinamamanhik ko sa inyong tulad sa mga nangingibang bayan at nagsisipaglakbay, na kayo'y magsipagpigil sa mga masamang pita ng laman, na nakikipaglaban sa kaluluwa;" (1 Pedro 2:11) Kaya't gaya ng ating tinanggap ang habag at naging lahing hinirang ng Diyos, sa gayon si Apostol Pedro ay nakikiusap sa atin . Kailangan natin maunawaan na tayo ay mga dayuhan lamang sa sanglibutan.Ang lupa ay hindi natin bayan. Ang ating lugar ay sa Langit at isang araw tayo ay mapapapunta doon. Sa gayon tayo'y kikilos bilang mga dayuhan. Ang mga dayuhan sila'y hindi nagagalak sa bagong lugar na kanilang tinitirahan. Lagi nilang naalala ang tahanan at nais nila laging bumalik. Ang ating tahanan ay sa Langit, at tayo'y nagagalak na bumalik doon, nanabik sa sandali na si Cristo ay darating at babaguhin ang mababang katawan sa isang makalangit. Bilang isang pagpapahayag ng ating makalangit na pagkamamayan tayo ay hindi nagagalak sa makalupang makasalanang pagkilos at mga gawa. Sa gayon tayo ay umiiwas at ganap na pinutol ang makalamang pagnanasa. Ang makalamang pagnanasa ay laban sa kaluluwa. Ang kaluluwa at mananatiling buhay pagkatapos ng kamatayan.Ang matuwid na kaluluwa ay mapapasa Diyos, ngunit kung ang kaluluwa ay masama sa gayon ay mapapa sa impierno pagkatapos ng kamatayan. Ang makalamang pagnanasa ay laging itinutulak ang kaluluwa na magkasala at ilagay siya sa panganib ng kamatayan. Samakatuwid hindi natin dapat pansinin ang makalamang pagnanasa upang tayo'y laging nasa kapayapaan sa Diyos at sa hakbangin ng Kanyang Salita at Kautusan.

"12 Na kayo'y mangagkaroon ng timtimang ugali sa gitna ng mga Gentil; upang, sa mga bagay na ipinagsasalita nila laban sa inyong tulad sa nagsisigawa ng masama, dahil sa inyong mabubuting gawa na kanilang nakikita, ay purihin nila ang Dios sa araw ng pagdalaw." (1 Pedro 2:12) Pagtanggi sa makalamang pagnanasa ay hindi lamang upang protektahan ang ating mga kaluluwa ngunit ganon din ay nagpapahayag ng matapat na pakikipagusap sa mga taong nakapaligid sa atin, lalo na patungo sa hindi mga mananampalataya. Ang mga tao gaya sa naunang ipinahayag, maaring hindi nila tayo maunawaan at papangalanan tayong masama kung sino tayo. Maaring makita nila tayo bilang nakakapinsalang mga tao at masama sa kanila. Ngunit darating ang araw na kapag hahatulan tayo ng Diyos kapag hinatulan Niya ang sanglibutan, dahil sa inyong mabubuting gawa na kanilang nakikita, ay pupurihin nila ang Dios sa araw ng pagdalaw.

Sa araw ng pagdalaw, ay hindi sa pangalawang pagdating ni Cristo, kundi paminsan minsan at pagkatapos sa tagal ng panahon hahatulan ng Diyos at magdadala ng katarungan sa pagpapahayag ng katotohanan sa mga tao sa pagbabayad sa masama ng kanyang kasamaan at paggantimpala para sa kanyang pagkamatuwid. Kapag ginawa iyon ng Diyos, sa mga nang-api sa atin kanilang mapagtatanto na tayo ay tama at ating ginagawa ay mabuti, at ito ay inilaan para sa kanila ay mabuti. Maaring iyon ay mangyari pagkatapos ng mga taon, at kahit na maaring mangyari kapag wala na tayo sa sanglibutan, kapag tayo'y nasa sa Langit. Gagawin iyon ng Diyos upang ibalik muli ang mga tao sa tamang daan at upang ipagtanggol at patunayan ang ating pagiging tunay sa mga tao. Kaya't kailangan nating magtiis sa ating panindigan at katapatan patungo kay Cristo, sa pagiging makaharing seserdote, pamumuhay sa kabanalan, binabata ang lahat ng pag aakusa at ng kawalan ng katarungan, pagtitiwala sa Isa na dadalaw at hahatol , at malalaman ng mga tao ang katotohanan. Kapag iyon ay naganap makikita ng mga tao ang ating buhay at kilos na nasaksihan nila dati, ay ang wastong halimbawa para sa kanila upang magsisi at sumunod kay Cristo at mabuhay sa Kanyang kalooban.

13Kayo'y pasakop sa bawa't palatuntunan ng tao alangalang sa Panginoon: maging sa hari, na kataastaasan;" (1 Pedro 2:13) Sa tawag ni Apostol Pedro sa simbahan na mamuhay bilang mga dayuhan at manlalakbay ay maliwanag dito sa kanyang tagubilin sa mga mananampalataya na magpasakop sa mga namamahala sa mga hari bilang mas mataas na mga may kapangyariha o sa mga gobernador na nasa ilalim ng hari gaya ng mababasa rin natin sa susunod na bersekulo. Ang mga awtoridad na ito ay binubuo ng hindi mananampalatayang mga tao at kapag ang mga mananampalataya ay nagpakita ng respeto at pagpapasailalim sa mga awtoridad na ito sa gayon sila'y magbibigay ng mabuting opinyon tungkol sa kung sino si Cristo at kung paano Niya itinuro sa Kanyang bayan na maging magalang sa tuntunin at sa mga awtoridad
Ang patotoo ni Cristo ay magiging mas mabutig larawan kapag ang mga mananampalataya ay nagpakita ng respeto sa mga namamahala at panatilihin ang sistema at sumunod sa tuntunin ng pamahalaan. Ang tuntunin ng pamahalaan ay maaring kabilang ang buwis at ibang mga bayarin para sa pamahalaang paglilingkod. Kaya't tayo'y pinipilit na gawing mabuti sa pagsunod sa lahat ng iyon upang para sa atin ay matupad ang kalooban ng Diyos.

"14 O sa mga gobernador, na sinugo niya sa panghihiganti sa nagsisigawa ng masama at sa kapurihan ng nagsisigawa ng mabuti.." (1 Pedro 2:14) Ang namumuno sa pamahalaan ay nakatuwid upang parusahan ang mga gumagawa ng masama at gantimpalaan ang mga

gumawa ng mabuti. Samakatuwid upang para sa atin ay gumawa ng mabuti at maligtas sa kaparusahan at mga multa ng pamahalaan sa kanilang panukala kailangan nating sumunod sa lahat ng mga tuntunin at mga pamamalakad ng pamahalaan.

Sa simula ang mga Judio ay mayroong kaharian ng Diyos sa lupa. Ngunit sa pasimula sila'y sumuway at sinimulang sumamba sa mga diosdiosan at dinala ang mga ito sa templo ng Diyos, ipinadala ng Panginoon ang mga kaaway sa kanila, ang pinakakakatakot sa kanila ay ang Babilonia, na sumakop sa kanila ay dinala sila sa pagpapatapon sa Babilonia, at mula sa araw na iyon ang mga Judio ang kanilang kaharian ay naglaho at naging panukala sa ibang mga bansa. Kahit pagkatapos ng pagpapatapon nang sila’y bumalik sa kanilang lupain sila’y nasa ilalim ng pagpapasakop ng ibang pamahalaan. Ang kalagayang iyon ay ipinataw sa kanila. Sa gayon ang pagpapasakop sa hindi mananampalatayang mga awtoridad at pagsang-ayon sa pagsunod sa kanilang mga alintuntunin ay pagpapasakop sa disiplina ng Diyos at sa itinalaga Niya bilang kinahinatnan ng kanilang mga kasalanan.

Si Nabucodonosor ang hari ng Babilonia nang siya ay gumawa ng isang tipan kay Zedekiah, iyon ay kailangan niyang magpasakop kay Haring Nabucodonosor, ang Banal na Kasulatan ay sinasabi sa atin ang sumusunod tungkol kay Haring Zedecias: "11Si Zedecias ay may dalawang pu't isang taong gulang nang siya'y magpasimulang maghari; at siya'y nagharing labing isang taon sa Jerusalem: 12At siya'y gumawa ng masama sa paningin ng Panginoon niyang Dios; siya'y hindi nagpakababa sa harap ni Jeremias na propeta na nagsasalita ng galing sa bibig ng Panginoon. 13At siya rin nama'y nanghimagsik laban sa haring Nabucodonosor, na siyang nagpasumpa sa kaniya sa pangalan ng Dios: nguni't pinapagmatigas niya ang kaniyang ulo at pinapagmatigas niya ang kaniyang puso sa panunumbalik sa Panginoon, sa Dios ng Israel." (2 Cronica 36:11-13) Si Nabucodonosor ang hari ng Babilonia ay ginawa si Haring Zedecias na sumumpa sa pangalan ng ating Diyos na magpasakop kay Haring Nabucodonosor at isinaalang alang ang pagkilos na iyon ng Diyos kay Haring Nabucodonosor laban sa kanya bilang isang disiplina para sa kanya upang batahin amg kinahinatnan ng kanyang kasalanan.

Kapag ang bayan ng Diyos ay hindi tumalima sa layunin ng Salita ng Diyos at nagmalabis sa Kanyang biyaya, ibibigay sila ng Diyos sa hindi mga mananampalataya upang mamuno sa kanila. Sa gayon kinakailangan nilang matakot sa mga awtoridad upang maligtas sa parusa; kung hindi haharapin nila ang mlupit kung aabusuhin nila ang mga awtoridad. Ang hindi mananampalatayang mga awtoridad na inilagay ng Diyos sa Kanyang bayan sa ilalim ng kanilang pangangalaga ,ang ibang layunin ng mga ito ay upang protektahan ang kanyang bayan. Sa gayon ang mga awtoridad ng mga pamahalaan ay ang proteksyon sa mga nagpapasakop at takot sa mga naghihimagsik.

Ang pareho sa atin ngayon bilang mga Kristiyano; ang ating Kaharian ay hindi sa lupa, kaya habang tayo'y nabubuhay sa lupa kailangan nating magpasakop sa awtoridad ng pamahalaan na inilagay ng Diyos bilang kinahinatnan ng ating mga kasalanan sa pagmamalabis sa Kanyang biyaya. Kapag ang mga Kristiyano sa ngayon ay kumilos gaya ng mga hindi mananampalataya sa gayon mailalagay sila sa ilalim ng awa ng hindi mananampalatayang pamahalaan ay isang patas na pakikitungo.

Ang propetang si Jeremiah ay patuloy na painapaalalahan sila na pumunta at isuko at magpasakop sa mga awtoridad ng mga taga Babilonia. Si Propeta Ezekiel ay pinaaalalahanan ang bayan ng Diyos na nasa pagpapatapon sa Babilonia ng parehong bagay . Si Jeremiah ay nasa Jerusalem at si Ezekiel ay nasa Babilonia, sila'y hindi naguusap ngunit silang dalawa ay sumulat ng parehong bagay sa bayan ng Diyos, upang mapagsakop sa mga awtoridad.

Sa Bagong Testamento ang sulat ni Pedro ay nakadirekta sa simbahan upang magpasakop sa mga awtoridad. Ang sulat din ni Apostol Pablo ay may parehong inaasam upang magpasakop sa mga awtoridad. Silang dalawa ay walang direktang usapan ngunit ang Banal na Espiritu ang nagpukaw sa kanila sa parehong bagay: "1Ang bawa't kaluluwa ay pasakop sa matataas na kapangyarihan: sapagka't walang kapangyarihan na hindi mula sa Dios; at ang mga kapangyarihang yao'y hinirang ng Dios. 2Kaya nga't ang sumasalangsang sa kapangyarihan, ay sa utos ng Dios sumasalangsang: at ang mga nagsisalangsang ay magsisitanggap ng kahatulan sa kanilang sarili. 3Sapagka't ang mga pinuno ay hindi kilabot sa gawang mabuti, kundi sa masama. At ibig mo bagang mawalaan ng takot sa may kapangyarihan? gawin mo ang mabuti, at magkakamit ka ng kapurihan sa kaniya: 4Sapagka't siya'y ministro ng Dios sa ikagagaling mo. Datapuwa't kung ginagawa mo ang masama, ay matakot ka; sapagka't hindi walang kabuluhan ang pagdadala niya ng tabak: sapagka't siya'y ministro ng Dios, tagapaghiganti sa ikagagalit sa gumagawa ng masama. 5Kaya nga't dapat na kayo'y pasakop, hindi lamang dahil sa kagalitan, kundi naman dahil sa budhi. 6Sapagka't dahil dito ay nagsisipagbayad naman kayo ng buwis; sapagka't sila'y mga tagapangasiwa ng paglilingkod sa Dios, na nagsisipamahalang walang patid sa bagay na ito. 7Ibigay ninyo sa lahat ang sa kanila'y nararapat: buwis sa dapat buwisan; ambag sa dapat ambagan; takot sa dapat katakutan; puri sa dapat papurihan." (Roma 13:1-7)

Kaya't ang pamahalaang hindi mga mananampalataya ay ang kalooban ng Diyos para sa atin ngayon at kailangan nating magtiyaga at kumilos hanggang Siya ay dumating at dalhin tayo sa Langit. Kahit na si Cristo ay ipinako ng mga Romanong mga sundalo sa pagpapasakop bilang kalooban ng Diyos. Samakatuwid ang paghihimagsik laban sa hindi mananampalatayang awtoridad ng pamahalaan ay paghihimagsik laban sa Diyos.

"15 Sapagka't siyang kalooban ng Dios, na dahil sa paggawa ng mabuti ay inyong mapatahimik ang kamangmangan ng mga taong palalo: " (1 Pedro 2:15) Ang kalooban ng Diyos sa gayon ay pagtanggap na mapasakop sa mga namumumo ng pamahalaan ng mga hindi mananampalataya at sa paggawa niyon ginagawa nating maayos at ganap ang katuparan ng kalooban ng Diyos. Nang sinulat ni Apostol Pedro, na dahil sa paggawa ng mabuti ay inyong maopapatahimiik ang kamangmangan at ng mga taong palalo, ang ibig niyang sabihin dito ay ang sumusunod: Ang mga lugar na tayo'y naninirahan sa ilalim ng mga awtoridad ng hindi mga mananampalatayang pamahalaan, at gaya ng pagsunod at pagpapasakop sa kanilang tuntunin, mayroong ding ibang mga taong nakapaligid sa atin na naghihimagsik laban sa mga tuntuning ito, at ang mga patuloy na naghihimagsik at nagsasalita ng masama laban sa pamahalaan. Kapag nakita nila tayo ng gumagawa ng mabuti at umuunlad sa ilalim ng parehong pamahalaan , sila'y mapapahiya. Ang ating pagkamasunurin sa mga tuntunin ay

magpapaptahimik sa kanila. Ito ay magpapatunay na ang kanilang paninindigan ay hindi tama, at ang mali ay hindi sa mga tuntunin o sa pamahalaan kundi sa kanila.

"16 Na gaya nang kayo'y mga laya, at ang inyong kalayaan ay hindi ginagamit na balabal ng kasamaan, kundi gaya ng mga alipin ng Dios." (1 Pedro 2:16) Inutusan sila ni Apostol Pablo na mamuhay gaya ng malayang mga tao. Pumapasok si Cristo sa ating buhay binigyan tayo ng kalayaan mula sa kasalanan at kamatayan. Sa gayon hindi dapat nating gamitin ang biyaya ng Diyos at kalayaan na ibinigay ng Diyos upang gumawa ng masasamang bagay, o gumawa ng mga bagay sa ating pansarili.

"17 Igalang ninyo ang lahat ng mga tao. Ibigin ninyo ang pagkakapatiran. Mangatakot kayo sa Dios. Igalang ninyo ang hari." (1 Pedro 2:17) Patungkol sa mga tao sa labas ng simbahan at sa mga wala pa sa ating pananampalataya, "Igalang ninyo ang llahat ng mga tao. Ibigin ninyo qng pagkakapatiran." Tayo'y inutusan dito na respetuhin at igalang sila sa paggalang sa kanilang mga kinalalagyan at unawain na kung anong mayroon sila mula sa mga kinalalagyan ay mula sa Diyos at ginamit ng Diyos upang ibigay ang mahalagang paglilingkod gaya ng ating ipinaliwanag. Patungkol sa mga kapatiran na nasa loob ng simbahan, tayo ay inutusan na ibigin sila at pangalagaan sila sapagka't ang Panginoon ay namatay para sa Kanyang simbahan at nais Niya tayong maging tagapag ingat ng ating mga kapatiran. Pagmamahal sa mga pagkakapatiran ay hindi katulad ng pagibig ng sanglibutan, kundi kailangan nating pangalagaan sila at ilayo sila mula mga tukso at tulungan sila habang sila ay nasa mga kaguluhan o sa panahon ng pangangailangan. Tayo ay inutusang matakot sa Diyos at gawin ang tama kahit na kung ang mga mata ng mga tao ay wala sa atin sapagkat nalalaman natin na ang paningin ng Diyos ay nakamasid sa lahat ng mga pangyayari sa ating buhay. Ang Diyos ang namamahala ng buong sangsinukob, "Sapagka't ang mga mata ng Panginoon ay nagsisiyasat sa palibot ng buong lupa, upang pakilala na matibay sa ikagagaling ng mga yaon na ang puso ay sakdal sa kaniya. Ikaw ay gumawang may kamangmangan; sapagka't mula ngayo'y magkakaroon ka ng mga pakikipagdigma." (2 Cronica 16:9) Ang Diyos ang namamahala sa mga pangyayari ng buong sangsinukob, Siya mismo ang nagtalaga ng mga hari at ang lahat ng mga awtoridad ng mga hindi mananampalataya upang ipatupad ang Kanyang sariling layunin at nais Niya na parangalan natin sila..Samakatuwid "Igalang ang hari". Kahit na ang hari ay masama kailangapan pa rin nating sumunod sa kanilang tuntunin sapagka't ginagawa nila ang pinaka layunin ng Diyos. Ang pagpapasakop sa mga namumuno ng sanglibutan ay kabuuan kahit na sila'y masasama. Iyon ay salungat sa mga namumuno ng simbahan. Tayo ay tinawag upang magpasakop at magpasailalim sa makaDiyos na namumuno ng simbahan. Ngunit sa mga hindi sumusunod at hindi tapat na mga namumuno ng simbahan hindi tayo tinawag upang magpasakop sa kanila o igalang sila lalo na kapag sinubukan nilang hilahin tayong lumayo at sumalungat sa kalooban ng Diyos.

"18 Mga alila, kayo'y magsisuko na may buong takot sa inyong mga panginoon; hindi lamang sa mabubuti at mahihinahon, kundi naman sa mababagsik." (1 Pedro 2:18) Ito ay magiging madali na magsisuko sa mabubuting tao at sumunod sa kanila. Ngunit sa masasamang tao ito ay hindi madaling bagay. Ang layunin ng pagpapasakop na ito ay maayos na ipinaliwanag ni Apostol Pablo, "9 Iaral mo sa mga alipin na sila'y pasakop sa kanikaniyang Panginoon, at kanilang kalugdan sa lahat ng mga bagay; at huwag mga masagutin; 10 Huwag mangagdaya, kundi mangagpakita ng buong buting pagtatapat; upang pamutihan sa lahat ng mga bagay ang aral ng Dios na ating Tagapagligtas." (Titus 2:9-10) Ang layunin ng ganitong pagpapasakop ay sa wakas ay ipakita si Cristo sa isang mas mabuting paraan sa kanila.

Sa Lumang Testamento ang kautusan ng Diyos ay nangangailangan ng sumusunod mula sa mga naghahanap ng isang alipin na tumakas mula kanilang panginoon: "15 Huwag mong ibibigay sa kaniyang panginoon ang isang aliping nagtanan sa kaniyang panginoon na napasa iyo: 16Siya'y tatahang kasama mo, sa gitna mo, sa dakong kaniyang pipiliin sa loob ng isa sa iyong mga pintuang-daan na kaniyang magalingin: huwag mo siyang pipighatiin." (Deutronomio 23:15-16) Ang kautusan ay huwag ibigay ang alipin sa Kanyang panginoon, at iyon ay salungat sa iniutos ni Pedro at Pablo na gawin ng simbahan. Ang dahilan sa likod niyon ay ang aliping iyon na nagtatrabho sa ilalim ng Judio ay pigilan o maging isang masamang halimbawa sa kanila o isang hadlang sa kanila sa pagpunta sa Panginoon. Ang parehong dahilan ay ginawa ni Pedro at Pablo sa paguutos sa simbahan ng mga mananampalataya na magpasakop sa kanilang hindi mananampalatayang mga awtoridad: upang paluguran sila upang sila'y mas tumugon sa ebanghelyo kapag nakita nila ang mabuting halimbalo ng mga Kristiyano na nagpapakumbaba sa harapan ng mga tuntunin at pamamalakad sa lugar na sila'y nagtatrabaho.

"19 Sapagka't ito'y kalugodlugod, kung dahil sa budhing ukol sa Dios ay magtiis ang sinoman ng mga kalumbayan, na magbata ng di matuwid." (1 Pedro 2:19) Ating tinitiis ang lahat ng iyon para sa kapakanan ng pagpapanatiling buo ang kautusan ng Diyos. Ito ay pagpapasalamat na ipinagkatiwala ng Diyos sa atin ang ganitong ministerio na sa pamamagitan ng ating buhay makilala ng mga Hentil ang Diyos. Ang ating pagdurusa ay hindi dapat magmula dahil sa kasalanan o kamunduhan o dahil sa suliranin ng paguugali. Bagkus kung tayo'y nagdurusa para sa kapakanan ng Diyos, dinadala ang kanyang pangalan, tinatanggap ang panglalait, at kapighatian, at binabata ng mahinahon upang ang KANYANG pangalan ay maluwalhati, sa gayon iyon ay katanggap tanggap at kapuri puri sa harapan ng Diyos, "20Sapagka't anong kapurihan nga, kung kayo'y nangagkakasala, at kayo'y tinatampal ay inyong tanggapin na may pagtitiis? nguni't kung kayo'y gumagawa ng mabuti, at kayo'y nagbabata, ay inyong tanggapin na may pagtitiis, ito'y kalugodlugod sa Dios." (1 Pedro 2:20)

"21 Sapagka't sa ganitong bagay kayo'y tinawag: sapagka't si Cristo man ay nagbata dahil sa inyo, na kayo'y iniwanan ng halimbawa, upang kayo'y mangagsisunod sa mga hakbang niya:" (1 Pedro 2:21) Ang nasa itaas na pagsasalarawan ng uri ng buhay na nais ng Diyos sa atin ay upang isabuhay ang katawagan ng Diyos para sa atin. Nauna na si Cristo sa atin sa ganitong uri ng paghihirap sa pagpapahayag at pagpapalaganap ng Salita ng Diyos. Ang Kanyang pagdurusa ay nasa ilalim ng kamay ng mga Hentil. Siya ay pinatay ng mga sundalong Romano. Si Apostol Pedro nang sinasabi Niya sa mga mananampalataya na magpasakop sa mga awtoridad ng pamahalaan , ipinapaalala niya rin sa kanila na sundan ang halimbawa ni Jesus na naghirap sa ilalim ng hindi mananampalataya at ipinasakop ang Kanyang buhay sa kanila.

"22 Na siya'y hindi nagkasala, o kinasumpungan man ng daya ang kaniyang bibig:" ( 1 Pedro 2:22) Si Cristo ay hindi nagkasala at wala Siyang kapaitan sa Kanyang puso patungo sa mga nanakit sa Kanya.

"23 Na, nang siya'y alipustain, ay hindi gumanti ng pagalipusta; nang siya'y magbata, ay hindi nagbala; kundi ipinagkatiwala ang kaniyang sarili doon sa humahatol ng matuwid:" (1 Pedro 2:23) Nais ng Diyos na sanayin tayo na kapag nakatanggap tayo ng mga panghahamak at mapahiya hindi tayo gaganti at maghihiganti mula sa mga nanakit sa atin. Hanggat tayo ay may pagnanais na maghiganti o magbanta kapag tayo'y nasaktan sa gayon hiind pa tayo ganap at ang ating pagsasanay ay hindi pa tapos. Ngunit ipinagkatiwala ang kaniyang sarili doon sa humahatol ng matuwid: Mayroon mga panahon sa buhay na ang kawalan ng katarungan ay lampas sa ating kontrol o lampas sa ating kakayahan upang tiisin at sa ganoong kalagayan ang nasa sa ating mga kamay ay magtiwala sa Diyos at italaga ang ating buhay sa Kanyang kamay para sa kahihinatnan ng mga pagsubok na iyon. Ang Diyos ay Diyos ng katarungan at sa huli Siya ay mananaig laban sa kapangyarihan ng masama. Ang paguusig labansa simbahan ay maarijg tila lampas sa ating kakayahan at kontrol, ngunit kapag ating ipinagkatiwala ang ating sarili at ang kalagayan sa Diyos, Siya ang hahatol ng matuwid at ibibigay sa atin kung anong nararapat para sa atin. Ito ay isang mataas na kahulugan ng pananangutan ng hinihingi sa atin upang gawin at kamitin. Inihayag ni Cristo ang lahat ng kawalan ng katarungan sa krus at sa kamatayan. Dinala niya ang kasalanan ng buong sanglibutan upang dalhim ang kaligtasan ng Diyos sa buong sangkatauhan. Tinuruan ni Jesus ang Kanyang mga disipolo na pumunta sa dagdag milya sa mga hindi mananampalataya, "Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago." (Mateo 5:14) Isinabuhay ni Jesus ang Kanyang itinuro upang ang katuwiran ng Diyos ay mahayag sa buong sangkatauhan. "24 Na siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran; na dahil sa kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo." (1 Pedro 2:24) Ang Kanyang tugon sa mga nagtaksil sa mga Judio at sa kalupitan ng mga sundalong Ramano nang may katahimikan at kapatawaran, nang may kababaang loob at pagpapasakop sa mga awtoridad na namumuno, kahit na siya ay walang sala, walang galit o banta sa mga nanakit sa kanya. Lahat ng iyon ay may malaking epekto at nagsagawa ng pagbabago sa mga puso ng mga tao na nakasaksi kung paanong ang Panginoon ay kumillos at isinagawa ang kanyang sarili sa krus. Isa sa mga kriminal na nakapako kasama Niya nang kanyang nasaksihan kung paanong kumilos si Cristo sa krus ibinigay niya ang kanyang buhay kay Jesus, "42At sinabi niya, Jesus, alalahanin mo ako, pagdating mo sa iyong kaharian. 43At sinabi niya sa kaniya, Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Ngayon ay kakasamahin kita sa Paraiso." (Lucas 23:42-43) Si Jesus ay isang mabuting halimbawa para sa mga kriminal na nagpakumbaba at tinanggap na siya ay pinarusahan ng makatarungan at inatanggap ang nararapat para sa kanya. Ang magnanakaw na iyon ay siguradong narinig ang patungkol ay Jesus dati, at maaring nasaksihan niya at narinig ang tungkol sa Kanyang mga himala, ngunit sa kanyang nasaksihan sa paguugali ni Jesus sa krus, ay nakagawa ng higit sa kanya upang magbago. Si Cristo sa krus ng may lubos na pagpigil sa sarili at kahandaang huwag lumampas sa itinalaga ng Diyos sa Kanya na gawin at upang maging, ay nakahipo sa buhay ng kriminal na iyon at binago siya. Hindi kilala ng mga tao si Jesus, ngunit tayo bilang Kanyang katawan , at sa kanilang masasaksihan sa atin mula sa kababaang loob ay makakagawang hamunin sila at sa huli'y mabago sila. Ang ibang tao na nakasaksi sa kamatayan ni Jesus ay ang senturyon na may pananagutan sa pagpapabitay ng pangkat ng mga sundalo; nagawa niyang makita si Jesus ang Anak ng Diyos, "At ang senturiong nakatayo sa tapat niya, nang makitang malagot ang hininga niya, ay kaniyang sinabi, Katotohanang ang taong ito ay Anak ng Dios." (Marcos 15:39) Bilang si Jesus ay tinitingnan at pinagmamasdang mabuti, tayo rin ay tinitingnan at pinagmamasdan ng mabuti ng mga hindi mananampalatayang nakapaligid sa atin at sa ganon kailangan nating maging mabuting halimbawa sa kanila na may kinalaman sa pagpapatawad, pag ibig, kahinahunan, kababaang loob, pagpipigil sa sarili, at pagpapasakop sa mga awtoridad.

Sa aking mahal at minamahal: "25 Sapagka't kayo'y gaya ng mga tupang nangaliligaw; datapuwa't ngayon ay nangabalik kayo sa Pastor at Obispo ng inyong mga kaluluwa:" (1 Pedro 2:25) Ang nasa itaas na pagsasalarawan ay ang paraan na nais ng Diyos sa ating mabuhqy sa kalooban ng Diyos. Ang sanglibutang nakapaligid sa atin ay maaring hindi maunawaan kung bakit tayo nabubuhay sa ganoong paraan. Sa nakaraan hindi nating ito sinusunod ngunit tayo'y nabubuhay sa isang paraang salungat sa Salita ni Jesus at sa kalooban ng Diyos. Tayo ay naligaw at nawala. Tayo ay papunta sa maling direksyon , malayo sa Diyos at malayo sa Langit. Ngunit habang tayo’y nagsisi at nagbago at bumalik sa Diyos, bumalik tayo kay Jesus, ang mabuting Pastol na nangunguna sa atin sa luntiang pastulan at tabi ng tahimik na tubig. Sa pagbabalik kay Jesus ay panunumbalik sa ating mga kaluluwa at pagbabalik sa tamang direksyon sa buhay. Si Jesus ang pangulo na hindi lamang nagpapanumbalik sa ating kaluluwa kundi bibigyan tayo ng kapayapaan at mangunguna sa atin patungo sa tamang direksyon ng buhay.

Tayo ay manalangin....

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon ako'y nagpapasalamat sa iyo para sa iyong salita na malalim kongnaunawaan na ako ay isang espirituwal na bato sa iyong tahanan at si JesuCristo ay bilang mahalagang batong panulok.

Ating ipagtapat at talikuran ang ating mga kasalanan. Ating talikuran ang kasamaan, pagdaraya, mga pagpapaimbabaw, mga pananaghili, lahat ng panglalait, hindi mabuting usapan, kasinungalingan, maninirang-puri, pagbibintang, paghihimagsik, at kawalan ng pagpapasakop sa mga awtoridad, kawalan ng kahadaan magdusa, hindi pagbabasa ng Bibliya, hindi pananalangin, at kawalan ng kahandaan upang magparami ng bunga ng Banal na Espiritu.

Panginoon aking itinatalaga ang aking sarili na mabuhay ayon sa iyong kalooban patungkol sa pagpapasakop sa mga awtoridad ng mga hindi mananampalatayang pamahalaan, at maging handa na magdusa at batahin ang hirap upang ang iyong Salita ay maihayag sa pamamagitan ng mabuting patotoo ng aking buhay. Panginoon suportahan mo ako ng iyong kapangyarihan at lakas, ibigay mo sa akin upang patuloy na maglingkod sa iyo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatiran na itinalaga ang kanilang buhay sayo. Panginoon pagpalain mo sila at gantimpalaan mo sila at tulungang magparami ng bunga ng Banal na Espiritu; pagibig, kagalakan, kapayapaan, mahabang pagtitiis, pagpipigil sa sarili, kaamuhan, kabutihan, pagkabukas- palad, at kababaang loob, upang makita ng mga tao si Jesus sa kanilang buhay at sa pamamagitan ng kanilang mabuting halimbawa. Panginoon protektahan mo sila mula sa paguusig at ingatan mo sila mula sa kapangyarihan ng masama.

Panginoon pagpalain mo ang iyong simbahan at palaguin mo ang iyong simbahan. Panginoon ako'y nanalangin para sa higit na pageebanghelyo at maraming taong maabot para kay Cristo. Panginoon ako'y nanalangin para sa maraming pagaaral ng Bibliya na mabuksan at maraming mga kapisanan na maitanim. Panginoon sa mga masunurin pahiran sila ng Banal na Espiritu at gamitin sila na maabot ang nawawala at dalhin ang bunga na nais mong makita sa buhay ng iyong simbahan. Panginoon tulungan kami at protektahan kami habang kami'y nagtitiyaga sa paglilingkod sa iyo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapi n at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com